UNIBERSIDAD NG CALIFORNIA SA LOS ANGELES

KALIPUNAN NG MGA KARAPATANG ITINAKDA NG BATAS PARA SA KASALI SA PANANALIKSIK

Ang mga karapatang ito ay ang mga karapatan ng bawat tao na hiniling na sumali sa isang medikal na pag-aaral ng pananaliksik. Bilang isang kasali sa pananaliksik, ako ay may mga sumusunod na karapatan:

1. Ako ay may karapatang masabihan kung anong pinag-aaralan ng pananaliksik.

2. Ako ay may karapatang masabihan ang tungkol sa lahat ng mga proseso ng pananaliksik, gamot, at/o aparato at kung ang alin man sa mga ito ay naiiba sa mga dating ginagamit sa karaniwang pamamaraan.

3. Ako ay may karapatang masabihan tungkol sa anumang mga peligro, kakulangan ng ginhawa o di kanais-nais na epekto na maaaring mangyari bilang resulta ng pananaliksik.

4. Ako ay may karapatang masabihan ng tungkol sa mga benepisyo, kung meron man, na makatwiran kong maaasahan mula sa pagsali.

5. Ako ay may karapatang masabihan ng tungkol sa aking ibang pamimilian at kung paano ito mas mahusay o mas masama kaysa sa pagiging nasa pananaliksik. Ang mga pamimiliang ito ay maaaring kabilang ang mga ibang pamamaraan, gamot o aparato.

6. Ako ay may karapatang masabihan kung anong uri ng paggamot ang matatanggap kung ang pananaliksik ay naging sanhi ng anumang kumplikasyon.

7. Ako ay may karapatang magkaroon ng pagkakataong magtanong ng anumang katanungan tungkol sa pananaliksik o ng pamamaraan. Maaari kong itanong ang mga katanungang ito bago magsimula ang pananaliksik o sa anumang oras sa panahon ng pananaliksik.

8. Ako ay may karapatang tumangging maging bahagi ng pananaliksik o umatras sa anumang oras. Ang desisyong ito ay hindi makakaapekto sa anumang paraan sa pangangalaga sa akin o sa aking ugnayan sa aking doktor o sa institusyon.

9. Ako ay may karapatang makatanggap ng kopya na napirmahan at nalagyan ng petsang nakasulat na dokumento ng pagpapahintulot para sa pananaliksik.

10. Ako ay may karapatang maging malaya sa anumang panggigipit sa aking pagdedesisyon kung gustuhin ko man ang sumali sa pananaliksik na pag-aaral.

Kung mayroon man akong anumang mga katanungan o ikinababahala, maaari kong itanong sa nananaliksik o pumapangalawa sa nananaliksik. Maaari ko ring kontakin ang Office of the Human Research Protection Program (OHRPP), na tumutulong protektahan ang mga kasali sa pananaliksik na pag-aaral. Maaari kong makontak ang OHRPP sa pamamagitan ng pagtawag sa 310-825-5344 mula sa 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Kung ako ay tatawag sa opisinang ito at hindi nakakapagsalita ng Ingles o Espanyol, kailangan akong may kasamang magsasalin para sa akin. Maaari rin akong sumulat sa OHRPP, 11000 Kinross Avenue, Suite 102, Box 951694, Los Angeles, CA 90095-1694.